

# Patakaran sa Walang Diskriminasyon sa Kagawaran ng Kalusugan ng Virginia

## Aplikasyon

Lahat ng manggagawa sa Kagawaran ng Kalusugan (VDH) ng Virginia, kabilang ang mga pinag-uri-uring empleyado, sahodang empleyado, mga boluntaryo, mga nakatalaga, intern, at mga kontratista.

Ang patakarang ito ay hindi tumutukoy sa:

- Mga Kaganapang Pangkaligtasan na pinamamahalaan ng [04.02.101 Patakaran sa Mga Kaganapang Pangkaligtasan](#)
- Mga reklamo o hinaing tungkol sa diskriminasyon sa mga kasanayan sa pagtatrabaho na pinamamahalaan ng [Kagawaran ng Human Resources \(OHR\) #2.05 Patakaran sa Pagkapanatay-pantay na Oportunidad sa Trabaho](#)
- Pag-uugali na pinamamahalaan ng [OHR #2.35 Patakaran sa Pagkamagalang sa Tinatrabahuan](#)

## Layunin

Ang patakarang ito ay nagtatatag ng balangkas para sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas patungkol sa diskriminasyon at pagsusuri at paglutas ng mga reklamo ng diskriminasyon na may kaugnayan sa pagbibigay o pag-access sa mga serbisyong ibinibigay ng VDH.

## Patakaran

### *Kabuuan*

Sumusunod ang VDH sa lahat ng naaangkop na batas sa karapatang sibil ng pederal o estado at hindi nandiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang kasanayan sa Ingles), edad, relihiyon, kapansanan, o kasarian. Hindi ibinubukod ng VDH ang mga tao o iba ang pakikitungo sa kanila dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang kasanayan sa Ingles), edad, relihiyon, kapansanan, o kasarian. Hindi papahintulutan ng VDH ang anumang pagkilos ng diskriminasyon at sineseryoso ang anumang reklamo o paratang na ang isang indibidwal ay nadiskrimina sa pagtatangkang tumanggap ng mga serbisyo o impormasyon sa pampublikong kalusugan batay sa anumang pag-uuri na pinoprotektahan ng mga batas sa karapatang sibil ng pederal o estado. Upang matiyak na ang mga paratang o reklamo ng diskriminasyon ay makakatanggap ng agarang atensyon, ang VDH ay nagtatag ng isang pamamaraan upang suriin at lutasin ang mga reklamo sa diskriminasyon sa isang napapanahong paraan at alinsunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon ng mga karapatang sibil ng pederal at estado, gayundin ang iba pang mga patakaran, pamamaraan ng VDH, at mga kinakailangan sa kontrata.

### *Hindi Pagganti*

Alinsunod sa mga naaangkop na batas ng mga karapatang sibil ng pederal at estado, walang manggagawa sa VDH ang mananakot, magbabanta, mapipilitan, o mandiskrimina laban sa sinumang indibidwal para sa layuning panghimasukan ang anumang karapatan o pribilehiyong nakuha sa ilalim ng mga regulasyong pederal at estado, o dahil ang naturang tao ay may ginawang reklamo, tumestigo, tumulong, o lumahok sa anumang paraan sa pagsisiyasat sa ilalim ng mga patakaran at pamamaraang ito. Hindi kukunsintihin ng VDH ang anumang gawain ng pagganti. Ang mga nagreklamo ay maaaring magsumite ng hinaing kung sila ay naniniwala na napasailalim sila sa pagganti ng isang manggagawa sa VDH dahil sa paghahain o inaasahang paghahain ng Reklamo.

## **Patakaran sa Walang Diskriminasyon sa Kagawaran ng Kalusugan ng Virginia**

### *Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon*

Ang pagkakaroon ng Reklamo at pagkakakilanlan ng mga Nagrereklamo ay pinananatiling kumpidensyal maliban sa lawak na kinakailangan upang isagawa ang pagsisiyasat sa reklamo o upang tumugon sa mga kahilingan mula sa mga ahensya ng pederal o estado na awtorisadong tumanggap ng naturang impormasyon. Gayundin, ang resulta ng imbestigasyon at desisyon sa hinaing ay kumpidensyal at ipapakalat lamang kung kinakailangan ng batas.

### *Mga reklamo*

Kung ang isang indibidwal ay naniniwala na ang VDH ay may diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan (kabilang ang kasanayan sa Ingles), edad, relihiyon, kapansanan, kasarian, o anumang iba pang klasipikasyon na protektado ng mga batas ng mga karapatang sibil ng pederal o estado, ang indibidwal ay may karapatan na magsumite ng Reklamo sa VDH at ipasuri at lutasin ang Reklamo na iyon sa isang napapanahong paraan alinsunod sa Mga Pamamaraan ng Reklamo sa Diskriminasyon. Ang mga reklamo ay dapat ihain sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng di-umano'y diskriminasyon.

Ang mga reklamo ay maaaring ihain sa VDH sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

- Mail: ATTN: Tagapag-ugnayan ng Walang Diskriminasyon, VDH, 109 Governor St., Richmond, VA 23219
- E-mail: [Civil\\_Rights@VDH.Virginia.gov](mailto:Civil_Rights@VDH.Virginia.gov)
- Online: <https://redcap.link/VDHComplaint>
- Telepono: (804) 864-914-2770 (TTY: 1-800-828-1120)
- Fax: (804) 864-7022

\*\*\*

Ang mga nagrereklamo ay maaari ding direktang magsampa ng reklamo sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao sa Estados Unidos (HHS), Tanggapan ng Karapatang Sibil (OCR).

- Online: <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>
- Serbisyo sa Koreo/Paghahatid: Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao sa Estados Unidos, Hubert H. Humphry Building 200 Independence Avenue, SW, Room 509F, Washington, DC 20201
- Telepono: 1-800-368-1019 (TDD: 800-537-7697)

Ang mga form ng reklamo ay makukuha sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

Ang mga reklamong isinampa sa OCR ay iniimbestigahan ng OCR, hindi ng VDH. Ang OCR ay may sariling mga patakaran at pamamaraan.

## Patakaran sa Walang Diskriminasyon sa Kagawaran ng Kalusugan ng Virginia

### Mga Kaugnay na Patakaran, Pamamaraan, at/o Mga Mapagkukunan

01.01.150 P - Mga Pamamaraan sa Pagreklamo ng Diskriminasyon  
Porma ng Reklamo sa Diskriminasyon ng VDH  
[01.06.103 Kodigo ng Etika](#)

[Mga Batas at Regulasyon na Ipinapatupad ng OCR](#)  
[Pangkalahatang-ideya ng Hill-Burton Act](#)  
[Opisina para sa Mga Karapatang Sibil "Alamin ang Iyong Mga Karapatan Laban sa Diskriminasyon!" Fact Sheet](#)

### Pag-apruba ng Patakaran

Tagasuri:

\_\_\_\_\_  
Joseph Hilbert

Deputy Commissioner para sa Gobyerno at Pagkontrol sa mga Gawain

Petsa: \_\_\_\_\_

Tagasang-ayon:

\_\_\_\_\_  
Karen Shelton, MD  
Komisyoner ng Kalusugan ng Estado

Petsa: \_\_\_\_\_

### Mga Kontak:

Pangalan ng Kontak: Cameron Moore

Pamagat ng Kontak, Tanggapan/Dibisyon ng Kontak: Tagapag-ugnayan ng Walang Diskriminasyon, Tanggapan ng Komisyoner

Email ng Kontak: [Cameron.moore@vdh.virginia.gov](mailto:Cameron.moore@vdh.virginia.gov)

Numero ng Telepono ng Kontak: 804-914-2770

## Patakaran sa Walang Diskriminasyon sa Kagawaran ng Kalusugan ng Virginia

### Kasaysayan ng Patakaran

PETSA NG BISA	PAGLALARAWAN
11/01/2023	Itinatag ang patakaran.